More ebaselesco@gmail.com Dashboard Sign Out

# KULAM: FILIPINO WITCHCRAFT AND SORCERY REVEALED

TALKS ABOUT THE TRUE FILIPINO WITCHCRAFT AND SORCERY METHODS FOR HEALING, REVENGE, LOVE, AND EVERYDAY LIFE. DETAILS ABOUT THE SUPERNATURAL BEINGS WILL ALSO BE EXPLAINED IN SOME BLOG ENTRIES. USE THE METHODS IN YOUR OWN RISKS.



"BE WISE AS A SERPENT, AND BE HARMLESS AS A DOVE"

MONDAY, NOVEMBER 24, 2008

## Lost Libreta

Nang maghalungkat ako ng mga libreta upang malaman ang sagot sa tanong ng isang reader ukol sa gamit ng isang medalyon ay isang napakainteresanteng libro ang nahanap ko. Hindi ko man nahanap ang sagot sa tanong ng isang reader ay natagpuan ko naman ang isang libro na minsan ay hindi ko pa nakita. Ang libro na ito ay nalaman ko agad na hindi sa akin dahil ng hawakan at buklatin ko ito ay naramdaman ko na naninigas at nangangawit ang aking mga kamay. Binitawan ko ito agad at umusal ng "**SANCTA MATER MARAMATAM A. MOJA E. SALVAME**" upang tanggalin ang kapangyarihan na nakaseal sa libro na ito. Ang libro na ito ay pagmamay-ari ng tao na nagpamana sa akin ng karunungan na taglay ko. At masasabi ko na ito ay isang importanteng libro para sa kanya dahil na din sa kapangyarihan na pinalibot niya dito.

Ang titulo ng aklat ay "**El Arma de Moshe Fili de Amram**" at may

### BEWARE OF SCAMMERS!

WARNING!!! THE RESPECTED AUTHOR OF THIS SITE DOES NOT COMMUNICATE THRU MOBILE OR LANDLINE NUMBERS. YOU CAN ONLY REACH THE AUTHOR VIA THE OFFICIAL EMAIL ADDRESS: FILIPINOSORCERY@GMAIL.COM. BEWARE OF SCAMMERS WHO WILL POSE AS "FILIPINOSORCERER".

### CONTRIBUTORS

FilipinoSorcerer

Satorismo

### ARCHIVE

subtitle na "**Podoroso Sagrado Vocales**". Pipilitin ko na makapagshare ng mga nilalaman mula sa libro na ito. At kung mayroon naman na nakakaalam o may hawak ng libro na ganito ay feel free na iemail ako.

At para naman sa mga tanong ukol sa gayuma sa banga:

- Ang mga kandila ay hindi na kailangan pang ubusin. Kung maaari nga ay ulitin ang ritual sa susunod na biyernes at kung ano ang ginamit mong mga kandila ay iyon din ang gamitin mo sa ritual.

- Basta itago niyo mabuti ang banga. Hindi dapat masikatan ng araw. At huwag na huwag ipakikita o ipapaalam sa iba ang ukol dito.

- Nasa straight line ang mga kandila sa color format na binigay ko.

- Kahit anong ritual ay huwag ninyo ipaglandakan na gagawa, gumagawa o gumawa kayo ng ritual o pagoorasyon katulad na lamang ng ginagawa ninyo sa chatroom. Maaari ninyong linawin ang instruksyon pero huwag ninyo sabihin ang about sa ritual ninyo. Napakaimportante ng pagiging masekreto lalo na sa inyong mga baguhan pa lang.

- Isulat ang orasyon sa isang papel saka ninyo ulit kopyahin sa isa pa. Kahit anong orasyon na inyong kokopyahin o ililipat sa inyong libreta ay dapat ay sinusulat muna sa isang papel at saka kopyahin mula sa papel na iyon.

POSTED BY FILIPINOSORCERER AT 4:02 AM

LABELS: EL ARMA DE MOSHE FILI DE AMRAM, FILIPINO WITCHCRAFT AND SORCERY, PODOROSO SAGRADO VOCALES

## 27 COMMENTS:

Anonymous said...

Salamat po sa paglinaw po sa gayuma. Sir, pwede ho matanong yun tungkol po sa +...
dapat ho bang habaan yun pag pronounce or dapat po bang ihipan or crusan po yun litrato or sign of the cross po sa sarili.
also po, sir ok lang ho ba sya gawin sa second floor ng bahay kasi po sa kwarto lang ho sya pwede gawin.
Last po eh dapat po bang takpan yun banga?
sana po ay mabigyan linaw pa rin how para wala na ho


- ► 2013 (1)
- ► 2012 (2)
- ► 2011 (5)
- ► 2010 (1)
- ► 2009 (4)
- ▼ 2008 (62)
  - ► December (3)
  - ▼ November (5)
    - Pang-Bakod sa Magnanakaw, Sakuna at Mal-Espiritus
    - El Arma de Moshe Filii de Amram: Podoroso Sagrado ...
    - Lost Libreta
    - BANAL NA PANGALAN NA IBININYAG NG PANGINOONG JESUS...
    - Orasyones ng Rebeldeng Filipino
  - ► October (5)
  - ► September (6)
  - ► August (6)
  - ► July (7)
  - ► June (11)
  - ► May (8)
  - ► April (6)
  - ► March (2)
  - ► February (3)
- ► 2007 (23)


READERS

magtatanong tungkol po sa banga. salamat po ng marami and more blessings po sa inyo

NOVEMBER 24, 2008 AT 5:02 AM

Anonymous said...

also po pala.. yun banga ho ba nakapwesto sa likod ng mga kandila? yun litrato po nya hawak ho ba namin habang nag oorasyon?

NOVEMBER 24, 2008 AT 5:04 AM

FilipinoSorcerer said...

Noong nagsisimula pa lamang ako magsulat dito ay nilagyan ko ng + ang ibang orasyon upang simbolo ng kabanalan ng pangalan na taglay nito. Pero dahil na din sa marami ang naguguluhan ay nilalagyan ko na lamang ng + kung may instruksyon ng pagsign of the cross. Ang isa niyo na lamang tandaan ay hindi kailangan madaliin ang pagpronounce ng orasyon. Kaya linawin ang pagbigkas.

Hindi ko masasagot kung puwede ito sa second floor ng bahay dahil wala naman instruksyon kung anong floor ng bahay mo dapat gawin ito. Hindi ko din masasabi na kung ang ibig sabihin ba na dapat nakalapat ang paa sa lupa ay dapat nakalapat sa literal na ground o sa physical na lupa(floor). Ginagawa ko ito sa first floor.

NOVEMBER 24, 2008 AT 5:15 AM

Anonymous said...


thank you po. sir.. yun pong banga tatakpan po ba? kasi po may nagsasabi na tatakpan at meron po na nagsasabi na di po tatakpan. so po, sign of the cross po yun sa gayuma banga spell po

NOVEMBER 24, 2008 AT 5:21 AM

Anonymous said...

Maraming salamat sa inyo sir FS. Malinaw na po sa amin ang '+' at dapat bilisan ang pag bangit ng mga salita sa orasyon. at sa inyong experience po, ground floor po ninyo nagawa ang orasyon ng gayuma.
Pahabol po lamang, ang sign of the cross po ba ay crucrusan ang litrato o dapat sa aming sarili (as in sign of the cross talaga) at kung nararapat po bang takpan ang banga matapos ilagay ang litrato.

**Followers (404)** Next




Unfollow

Maraming salamat po muli.
NOVEMBER 24, 2008 AT 5:23 AM

Anonymous said...

Sorry po sir FS. Na iintindihan ko na po talaga. Sa Orasyon ng Gayuma, ito ay simbolo lamang ng kabanalan ng mga pangalan. Sapagkat ang Magigub Marigub at Magub ay mga pangalan.

Pero sa mga sumunod na mga orasyon nilalagay lamang ang + kapag may instruction ng sign of the cross. Pero sa gayuma, hindi pa ito instruction, ito ay tamang paggalang lamang sa kabanalan ng pangalan at walang nararapat na gawing sign of the cross dito.

Tama po ba Sir FS?

NOVEMBER 24, 2008 AT 5:30 AM

Anonymous said...

sir, kachat ko po yun isa nyo pong tagasubaybay at medyo nagtatalo kami po sa + pa rin. Hahaha! Ang sabi ko po kasi sign of the cross. Sya naman po eh simbolo po ng kabanalan lang po yun sa banga. Pwde ho pakilinaw po. alin po dun sa dalawa. sign of the cross po sa sarili or sa litrato or simbolo ho ng kabanalan. kailangan ho bang takpan yun banga

NOVEMBER 24, 2008 AT 5:33 AM

FilipinoSorcerer said...

Tulad nga ng sabi ko ay noong una ako nagsulat dito ay nilagyan ko lang ng + ang ibang orasyon upang maging respeto sa kabanalan ng pangalan na tinataglay nito. Hindi pa ito instruksyon na dapat kayo ay mag sign of the cross. Pero nga ng marami ang naguluhan ay ang mga ibang sumunod ko ng mga orasyon ay hindi ko na nilalagyan ng + kung hindi dapat bigkasin ng mahaba o dapat mgsign of the cross.

Importante na hindi masikatan ng araw kaya kung hindi niyo matago sa lugar na hindi nasisinagan ay takpan ninyo. Pero kung ang paglagyan niyo ay madilim naman lagi ay kahit hindi na.

At sabi ko nga, huwag magmadali sa pagbigkas. Isaisahin ninyo usalin ang bawat salita ng orasyon kung maaari. Linawin ninyo

ng hindi malito ang mga espirito kung ano ba ang inuutos ninyo.

NOVEMBER 24, 2008 AT 6:46 AM

Anonymous said...

Magandang umaga po sa inyo at kay sir FS.

malinaw napo sa amin ang lahat ukol sa gayuma sa banga..marahil po eh naguguluhan lang kami dahil unang beses palang po namin ito gagawin.

wala po naman kaming kaba. tama ka po sir FS kung ang intension mo sa pagawa nito eh ang "magnakaw ng may asawa" eh talagang may karma ito na babalik sayo.

maraming salamat po ulit sir FS.

sana po wag po kayong magsasawa na sagutin yung mga iba pa naming katanungan.

NOVEMBER 24, 2008 AT 3:24 PM

Anonymous said...

hello po Sir FS,

tungkol sa gayuma sa banga.. gaano po ba kalakas isigaw yong pangalan? ok lang ba na di masyadong malakas kc, baka marinig ng ibang tao sa bahay..diba secreto dapat..

salamat po...

NOVEMBER 24, 2008 AT 5:43 PM

Anonymous said...

sir fs, kailangan ko po tulong nyo... pls saan ho kayo pwede ma contact? my email add: david88ng@gmail.com

NOVEMBER 25, 2008 AT 9:48 PM

Anonymous said...

magandang umaga po sainyong lahat lalo na kay sir FS.

tungkol po sa gayuma sa banga..

-pagkatapos po ba ng ritual ng isang biyernes at natupad yung hiling..ano po ang gagawin dun sa banga pati yung picture na nakalagay? itatago napo ba iyon?

maraming salamat po ulit sir FS.
NOVEMBER 28, 2008 AT 4:45 PM

Anonymous said...

good day po sainyong lahat.

baguhan lang po ako dito at madalas ko po ito nadaanan pag ako ay mag-oonline.

marami po akong katanungan tungkol sa gayuma sa banga.

wala po akong lakas na loob na gawin yung ritual kasi po kulang pa ako sa kaalaman tungkol dito.

marahil baka po meron sainyo ang gustong tulungan ako sa problema ko ukol sa pag-ibig.

kahit ano pong oras at araw pwede po ako makipagkita. araw araw po akong dadaan dito para po mabantayan ko kung sino po yung mabait na pwede akong tulungan.

maraming salamat po

DECEMBER 28, 2008 AT 4:40 PM

LostHope said...

so malinaw napo yun mga instruction, common sense nalang, wala ng kulang kondi ung sarili nyo ihanda nyo, dapat maniniwala kayo sa gagawin nyo, Salamat sa lahat sir FS. ..

JULY 31, 2010 AT 1:05 AM

agimat said...

tanong ko lang po ano po kayang puwedeng pang bakod dito sa aking libro. Nabasa ko po kasi iyung nakapitan po ang libro ay nanigas po ang kamay. Iyon pong libro ko wala pong ganon pano po kaya ang maganda upang di po ito makuha ng iba o mabasa o pakealamanan ng iba kundi ako lang ang makagagamit at ang pagpapasahan ko nito.Meron po akong isang note book at doon ko po inilagay ang aking bagong mga nalaman bago ko po ito isulat bilang libro ngunit, ang masama ngapo ay ayaw po ito ng aking lola itinatago kopa ito sa aking damitan ngunit dahil po sa ayaw ito ng aking lola .Ay minsan pong kami ay nagkaroon ng di pagkakaunawaan ay sa galit niya sa akin ay kinuha po niya iyon at di kona muling makita.Nanalagnin nalang po ako na sana ay itapon nalang po

niya iyon hanggang sa nakita kopo na itopo ay nasasilaban na at nasilaban napo niya nagpasalamat nalang po ako na sinilaban po niya at di niya po iyon kinuha ang mga nilalaman.Seyampre po masakit po iyon para sa akin sayang ang aking hirap doon buti nalang hindi ang lumang libro ko nabigay po saakin ni tatay ang nakuha po niya.Ayaw ko napo iyong mangyari kaya po humingi po ako sa inyo ng pambagod sa libro na ako lang po ang makakabuklat o makakahawak.Maraming salamat po

AUGUST 10, 2010 AT 11:55 PM

Anonymous said...

Dear FS,

My question is simple. When I repeat this Orasyon, can I use the same banga where I first placed the picture or do I need to get a new one for each repeated ritual?

Thanks a lot!

SEPTEMBER 19, 2010 AT 6:23 PM

clarisse KAWASHIMA said...

hi po FS mrami pong slamat at nlinawan po ako 2ngkol sa kandila yun nlag pong sa 3x nn orasyon medyo di ko po na gets pls pag may tym po kyo pki explain nmn po mraming slamat

FEBRUARY 6, 2011 AT 12:46 AM

Anonymous said...

sir.. i need help.. may i know your contact? juju.. i want to forget someone.. please help me.. here is my email: im_yours_0209@yahoo.com

AUGUST 28, 2011 AT 11:19 PM

Anonymous said...

sir ano po ba ang tamang orasyon para sa taong mahal mo na gustong mong bumalik sa buhay mo at magsasama na kayo ng pang habambuhay at ano rin po ang tamang orasyon para sa gagawin kong pagganti sa mga taong nakasakit sa akin.

SEPTEMBER 5, 2011 AT 6:26 AM

Anonymous said...

sir ano po ba ang tamang orasyon para sa taong mahal mo na gustong mong bumalik sa buhay mo at magsasama na kayo ng pang habambuhay at ano rin po ang tamang orasyon para sa gagawin kong pagganti sa mga taong nakasakit sa akin.

SEPTEMBER 5, 2011 AT 6:27 AM

Anonymous said...

sir ano po ba ang tamang orasyon para sa taong mahal mo na gustong mong bumalik sa buhay mo at magsasama na kayo ng pang habambuhay at ano rin po ang tamang orasyon para sa gagawin kong pagganti sa mga taong nakasakit sa akin.

SEPTEMBER 5, 2011 AT 6:29 AM

Anonymous said...

I'm no Christian but I'm interested in Filipino Sorcery. Would it still work for me

OCTOBER 27, 2011 AT 12:42 AM

Anonymous said...

Sir, pwede niyo po ba ituro saken ang pag gayuma? Hndi ko po mhnap yung full instruction. Kung pwede lang po sna ipost nyo.salamat po

FEBRUARY 14, 2012 AT 7:44 PM

claire said...

sir isa po akong naniniwala sa ganyan. sana matulungan nyo po ako. ano po ba ang oracion na gagamitin ko par bumalik sakin ang taong mahal ko at mahalin din ako at hindi na mag hanap ng iba. na gamit ko ang kanyang pic lang po dahil bihira lang kami mag kasama. thanks po
sna pa email po sakin thanks po anna_claire25@yahoo.com

JUNE 20, 2012 AT 12:50 AM

Unknown said...

Gud pm po sir, tanong kulang, puwede po ba sa babae ang medalyon na dignum? ano po ang dasal dito? at paano ang dasalin? may susi po ba ito? salamat po.

FEBRUARY 12, 2013 AT 7:46 AM

Anonymous said...

Gud pm po sir, tanong kulang, puwede po ba sa babae ang medalyon na dignum? ano po ang dasal dito? at paano ang

dasalin? may susi po ba ito? salamat po.
FEBRUARY 12, 2013 AT 7:48 AM

Unknown said...

Gud pm po sir, tanong kulang, puwede po ba sa babae ang medalyon na dignum? ano po ang dasal dito? at paano ang dasalin? may susi po ba ito? salamat po.

FEBRUARY 12, 2013 AT 7:51 AM

Post a Comment

Newer Post Home Older Post

Subscribe to: Post Comments (Atom)

000000001467884